

MGA MADALAS ITANONG
Coronavirus Aid, Relief, and Economic Security Act (CARES Act) Mga
Probisyon sa Benepisyong UI

KASALUKUYANG HINDI NAKA-SETUP ANG AMING IT SYSTEM PARA MAGPROSESO NG MGA CLAIM SA CARES ACT. SINISIKAP NAMIN NA LUMIKHA NG MGA BAGONG PROSESO SA IT, BAGUHIN ANG MGA KASALUKUYANG TEKNIKAL NA SYSTEM, NAGSASANAY NG MGA STAFF, AT NAGSASAGAWA NG MGA PAGSUSURI BAGO MAGPATUPAD NG MGA BAGONG PROGRAMA NA NILIKHA NG CARES ACT

HUWAG MAGSUMITE NG CLAIM PARA SA MGA BENEPISYO KUNG SELF-EMPLOYED KA, ISANG INDEPENDENT CONTRACTOR, GIG WORKER, O HINDI SAPAT ANG KASAYSAYAN NG TRABAHO

IAANUNSIYO NG MARYLAND DIVISION OF UNEMPLOYMENT INSURANCE ANG MENSAHE TUNGKOL SA PAGKAHANDA NG PROSESO NG PAG-APPLY PARA SA MGA BAGONG PROGRAMANG ITO

1) Sinu-sino ang saklaw ng bagong batas?

- a) Lumilikha ang CARES Act ng tatlong bagong programa sa unemployment insurance (UI). Saklaw nito ang mga indibidwal:
- (1)** na hindi karapat-dapat para sa mga benepisyong UI kabilang ang mga self-employed, mga independent contractor, at mga gig economy worker;
 - (2)** na kasalukuyang tumatanggap ng regular na UI; at,
 - (3)** na naubos kamakailan ang regular nilang UI.

2) Magkano ang karapat-dapat kong matanggap?

- a) Kakalkulahin ang mga halaga ng benepisyong batay sa kinitang natanggap mo sa nakalipas na 18 buwan. Silang mga nakatanggap ng mga benepisyong ay makatatanggap din ng karagdagang \$600 kada linggo.

3) Saklaw ba ng bill ang mga gig worker, freelancer, at independent contractor?

- a) Oo. May espesyal na programa na nagbibigay ng mga benepisyong sa mga ahindi tradisyunal na karapat-dapat para sa unemployment insurance, kung saan kabilang ang mga gig worker (Uber, Lyft, AirBnB hosts, atbp.), mga freelancer, at independent contractor. Mapapaso ang espesyal na programang ito sa Disyembre 31, 2020.

www.labor.maryland.gov

4) Self-Employed ako, pero hindi na ako kumikita sa negosyo ko. Karapat-dapat ba ako para sa mga benepisyong? Kung gayon, kailan ako dapat mag-apply?

a) Oo, karapat-dapat ang mga taong self-employed sa bisa ng bagong batas. Karapat-dapat ang mga self-employed na trabahador para sa karagdagang \$600 na lingguhang halaga.

5) Paano kung isa akong part-time worker na nawalan ng trabaho dahil sa coronavirus? Karapat-dapat pa rin ba ako?

a) Oo. Karapat-dapat ang mga part-time worker para sa partial na benepisyong, na kinakalkula sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang sa mga sahod mo kamakailan. Magiging karapat-dapat ka rin para sa karagdagang \$600 na lingguhang benepisyong.

6) Paano kung mayroon akong Covid-19 o kailangan ko ng pangangalaga para sa kapamilyang may Covid-19?

a) Kung nakatanggap ka ng diagnosis, nakararanas ng mga sintomas o naghahanap ng diagnosis — at wala kang trabaho, part-time ang trabaho o hindi makapagtrabaho bilang resulta — karapat-dapat kang makatanggap ng mga benepisyong ng unemployment insurance. Kung kailangan mong alagaan ang isang kapamilya o kasambahay na nakatanggap ng diagnosis, karapat-dapat ka pa rin na makatanggap ng mga benepisyong ng unemployment insurance.

7) Paano kung mag-shut down ang paaralan o daycare ng anak ko?

a) Kung umaasa ka sa isang paaralan, day care, o isa pang pasilidad, nakatatandang magulang, o isa pang kasambahay para mag-alaga ng bata para makapagtrabaho — at nag-shut down ang pasilidad na iyon dahil sa coronavirus — karapat-dapat kang makatanggap ng mga benepisyong ng unemployment insurance.

8) Paano kung pinayuhan ako ng isang health care provider na i-quarantine ang sarili ko dahil sa pagkakalantad ko sa coronavirus? At paano ang mga mas malawakang kautusan na manatili sa tahanan?

a) Kung kailangan mong mag-quarantine ng sarili dahil sa posibleng pagkakalantad sa coronavirus, nagbibigay-daan ang CARES Act na makatanggap ka ng mga benepisyong ng unemployment insurance na tradisyunal mong hindi makukuha.

9) Magsisimula na sana ako ng bagong trabaho ngunit hindi makapunta roon dahil sa outbreak.

a) Sa ilalim ng CARES Act, karapat-dapat ka na ngayong makatanggap ng mga benepisyong ng unemployment insurance. Karapat-dapat ka rin kung agaran kang natanggal mula sa isang bagong trabaho at hindi sapat ang kasaysayan sa trabaho para magkwalipika para sa mga benepisyong sa mga tradisyunal na sitwasyon.

10) Kinailangan kong umalis sa trabaho bilang direktang resulta ng coronavirus. Magiging karapat-dapat ba ako na mag-apply para sa mga benepisyo?

- a) Depende ito sa kung bakit mo kinailangang umalis sa trabaho mo. Kung nag-quit ka dahil sa quarantine na inirekomenda ng ahente o healthcare provider, o dahil nagsara ang daycare ng anak mo at ikaw ang pangunahing tagapangalaga, sa gayon ay saklaw ang dahilan na iyon sa pag-quit mo.
Pero kung nag-quit (o nais mong mag-quit) dahil sa takot mong mahawaan ng coronavirus sa patuloy mong pagtatrabaho, maaaring makatuwiran ang takot mo at batay sa sitwasyon ng personal na kalusugan mo o kalusugan ng taong kasama mo sa tahanan.

11) Isinara ng employer ko ang pinagtatrabahuhan ko dahil sa coronavirus. Magiging karapat-dapat ba ako?

- a) Kung wala kang trabaho, bahagyang walang trabaho, o hindi makapagtrabaho dahil nagsara ang employer mo, karapat-dapat kang makatanggap ng mga benepisyo ng unemployment insurance sa ilalim ng CARES Act.

12) Mayroon bang partikular na taong di-kabilang sa pagtanggap ng ayuda sa ilalim ng batas?

- a) Hindi karapat-dapat ang mga worker na kayang gawin ang mga trabaho nila sa pamamagitan ng bayad na pagtatrabaho sa telepono, at mga tumatanggap ng bayad na sick leave o bayad na family leave.

13) Gaano tatagal ang mga benepisyo ko?

- a) Nagbibigay ang Maryland ng 26 na linggo ng mga benepisyo. Nagbibigay ang CARES Act sa lahat ng karapat-dapat na worker ng karagdagang 13 linggo. Maaaring makatanggap ang mga karapat-dapat na claimant sa Maryland ng maximum ng 39 na linggong benepisyo ng unemployment insurance.

14) Kung hindi ka kumita ng sapat na halaga para maging karapat-dapat para sa regular na mga benepisyo ng unemployment insurance. Mayroon ba sa CARES Act na magbibigay sa akin ng ayuda?

- a) Saklaw ng batas ang mga walang sapat na kasaysayan ng trabaho. Sa sandaling magagawa na namin, mag-aanunsiyo kami ng mensahe na kaya na namin makatanggap ng mga claims at kung paano mag-apply para sa mga benepisyong ito. Hanggang sa sumapit ang panahong iyon, maging pasensyoso at huwag muna mag-file ng claim. Ang mga claim para sa ayudang Pandemic Unemployment Assistance na nai-file ngayon ay hindi mababayaran at kakailanganin mong mag-file muli.

15) Nakatatanggap na ako ng mga benepisyo sa unemployment. Makatatanggap ba ako ng ayuda sa ilalim ng batas na ito?

- a) Kahit na tumatanggap ka na ng mga benepisyo sa unemployment para sa mga dahilang hindi kaugnay ng coronavirus, palalawigin ang mga benepisyo mo mula sa Maryland unemployment insurance nang 13 linggo. Magiging karapat-dapat ka rin para sa dagdag na \$600 na lingguhang benepisyo.
- 16) Naubos ko ang mga benepisyo ko may ilang linggo/buwan nang nakalipas. Makakuha ba ako ng 13 linggo ng karagdagang benepisyo? Kung oo, makukuha mo rin ang dagdag na \$600/linggo?**
- a) Kung naubos mo ang regular mong benepisyo ng UI, may mga probisyon sa ilalim ng CARES Act na magbibigay sa iyo ng karagdagang 13 linggo ng benepisyo. Mag-apply sa sandaling ianunsyo ang proseso ng pag-apply sa CARES Act. Magiging karapat-dapat ka rin para sa karagdagang \$600 na lingguhang halaga ng benepisyo.
- 17) Madidiskwalipika ba ako ng mga benepisyong ito sa iba pang mga programa?**
- a) Posibleng makakaapekto ang mga benepisyong ibinibigay sa bagong programa na ito sa pagkakarapat-dapat mo para sa iba pang mga programa. Halimbawa, mabibilang ang karagdagang \$600 na benepisyo bilang kinita kapat tinutukoy ang pagkakarapat-dapat para sa mga programang sinubok sa kakayahang kumita, maliban para sa Medicaid at sa Children's Health Insurance Program, na kilala bilang CHIP.
- 18) Gaaano katagal kong kailangan maghintay para makatanggap ng mga benepisyo?**
- a) Walang linggo ng paghihintay ang Maryland, hindi gaya ng maraming estado, kaya karapat-dapat ka nang mag-file sa mismong araw na natanggal ka sa trabaho. Dahil sa kasalukuyan at inaasahang dami ng claim, hindi makapagbibigay ang Division of Unemployment Insurance ng tiyak na panahon sa paghahatid ng benepisyo. Malugod na pinasasalamatan ang pasensiya mo sa panahong ito ng pandemic.

